

## Mga FAQ: Pamilya sa Bagong Yugto ng Pagpopondo ng San Francisco

**Q: Kailan nagsimula ang Inisyatibang Sentro ng Mapagkukunan ng Pamilya at paano ito pinopondohan?**

**A:** Inilunsad ang Inisyatibang Sentro ng Mapagkukunan ng Pamilya noong 2008 at pinopondohan ito ng Departamento ng Maagang Pagkabata (Department of Early Childhood, DEC), Departamento ng Mga Bata, Kabataan, at Kanilang Mga Pamilya (Department of Children, Youth and Their Families, DCYF), at Ahensya ng Mga Serbisyo sa Tao (Human Services Agency, HSA). Nagbibigay ang FRCI ng mahahalagang mapagkukunan at suporta para sa mga pamilya ng mga batang kakapanganak pa lang hanggang 17 taong gulang sa San Francisco.

**Q: Ano ang mga serbisyong iniaalok sa Inisyatibang Sentro ng Mapagkukunan ng Pamilya?**

**A:** Nag-aalok ang Mga Sentro ng Mapagkukunan ng Pamilya ng mga serbisyo ng suporta na naglalayong bawasan ang stress ng magulang/caregiver, pataasin ang paniniwala ng magulang sa kanyang sariling kakayahan, suportahan ang nakakatugong relasyon ng pamilya at komunidad, at tiyakin na ang mga bata ay handa para sa isang matagumpay na karanasan sa paaralan. Kinokonekta ang mga pamilya sa mahahalagang mapagkukunan; dumadalo sa mga grupo ng paglalaro ng magulang at anak, at mga kultural na aktibidad; lumalahok sa mga grupo at klase ng pagiging magulang; at nagiging mga pinuno sa komunidad ng kanilang pamilya sa pamamagitan ng mga aktibidad sa pag-unlad ng pamumuno. Nagbibigay ang mga FRC ng akses sa kumprehensibong sistema ng suporta at naglilingkod bilang mahalagang tagapanatili ng buhay para sa mga pamilya, partikular sa mga humaharap sa matitinding pangangailangan at maraming hadlang.

**Q: Paano maaakses ng mga pamilya ang mga serbisyong ibinibigay ng Mga Sentro ng Mapagkukunan ng Pamilya?**

**A:** Maaakses ng mga pamilya ang mga serbisyong ibinibigay ng Mga Sentro ng Mapagkukunan ng Pamilya sa pamamagitan ng pagbisita sa pinakamalapit na sentro ng mga ito. Ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa bawat FRC ay [makikita rito](#).

**Q: Ano ang mga serbisyong iniaalok sa Mga Sentro ng Mapagkukunan ng Pamilya (Mga FRC)?**

**A:** Nag-aalok ang Mga FRC ng pangunahing hanay ng mahahalagang serbisyo ng suporta sa pamilya para sa mga pamilya na may mga batang kakapanganak pa lang hanggang sa edad na 17. Kabilang sa mga serbisyong ito ang suporta sa pagiging magulang, pag-aayos ng mga programang pang-edukasyon, at mga mapagkukunang iniangkop sa edad at mga pangangailangan ng mga bata. Magbasa tungkol sa iba't ibang uri ng mga programa ng suporta ng pamilya na iniaalok ng Mga FRC.

**Q: Paano pinopondohan ang Mga FRC, at saang mga kapitbahayan/ populasyon naglilingkod ang mga ito?**

**A:** Pinopondohan ang Mga FRC na maglilingkod sa partikular na kapitbahayan sa San Francisco o sa populasyon ng buong lungsod na may mga natatanging pangangailangan. Itinutukoy ang pagpopondo sa Mga FRC batay sa pangangailangan para sa kapitbahayan/populasyon.

**Q: Nagbibigay ba ang Mga FRC ng suporta para sa mga pamilya na may mga bata sa lahat ng edad?**

**A:** Naglilingkod ang Mga FRC sa mga pamilya na may mga batang kakapanganak pa lang hanggang nasa edad na 17. Bagama't pinaglilingkuran ng lahat ng FRC ang mga pamilyang buntis at pamilyang may mga batang nasa edad 0-17, nag-aalok ang ilang FRC ng mga karagdagang aktibidad para sa mga pamilya na buntis o may mga napakabatang anak (kacapanganak lang hanggang apat na taong gulang) habang may karagdagang aktibidad ang iba pang FRC para sa mga pamilyang may mga batang apat hanggang sampung taong gulang at mas matanda.